

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Diane. Inilibot niya ang tingin sa loob ng kanyang opisina. It was spacious. Maganda ang pagkakadiseno. Malamig sa mata at pormal tingnan ang dingding na nilagyan ng sky blue na wallpaper. Ang mesa na yari sa narra ang nagsisilbing worktable niya. Sa isang sulok ay may pinaka-receiving area na may single couches, sofa at coffee table para sa sinumang bisita.

Pinaikot niya ang upuan para humarap sa glass windows. Makikita mula sa kanyang puwesto ang mga nagtataasang gusali sa siyudad.

Walang araw na hindi siya abala mula nang tanggapin niya ang alok ng papa niya na magtrabaho sa kompanya nila. Nang nagdaang gabi ay tatlong kontrata ang ginawa ni Diane para sa mga bagong kliyente nila at dalawang kontrata naman ang ni-review niya.

“Hindi ka ba napapagod?” anang baritonong boses mula sa likuran niya.

Pagpihit niya ay prenteng nakaupo sa couch si JR. Kababata at matalik na kaibigan niya ito. Ito ang head ng production ng *Continuum*, isang kilalang International Engineering Firm na may satellite office sa Pilipinas. Kahit na dalawang bloke ang layo ng gusaling pinagtatrabahuhan nito ay hindi pa rin ito nawawalan ng oras na bisitahin siya simula nang maging company lawyer siya ng architectural firm nila five months ago.

Hindi niya namalayan ang pagpasok nito sa opisina niya at hindi niya sinagot ang tanong nito.

“Ano na naman ang masamang hangin na nagdala sa ’yo dito?” Nagtaka pa siya. Halos tatlong beses sa isang linggo niya itong panauhin sa opisina niya.

“Tambak na naman ang trabaho mo,” komento nito nang mapuna ang pile ng folders sa mesa.

“Natapos ko na ang mga iyan. Engineer Lim, ano ang sadya mo sa ’kin?”

Inginuso nito ang supot na nakapatong sa mesa sa harap nito. “I cooked this morning,” he said nonchalantly.

Pinagtaasan niya ito ng kilay. Nagdadala ito ng pagkain sa opisina niya pero hindi ito ang nagluto. Ano naman kaya ang naisipan nitong maghanda ng sariling pagkain?

“Bago ka mag-isip ng kung anu-ano, sinubukan ko lang lutuin ang dalawang putaheng paborito mo, afritada at adobo,” defensive na paliwanag nito.

Napailing na lang si Diane.

“Don’t pretend that you don’t like these. Pinaglaanan ko ng panahon ang mga ’to at n’ung isang linggo mo pa gustong kumain ng ganito.”

Spoiled siya rito. Kung hindi lang niya alam na alam nito

na patay na patay siya sa kuya nito ay iisipin niyang siya ang dahilan kung bakit hindi pa nagkaka-girlfriend itong si JR.

Excited na lumapit siya rito. Para siyang bata na nabilhan ng bagong laruan. Ito na ang naglabas ng pagkain at sa amoy pa lang ay sigurado si Diane na mabubusog talaga siya. Ilang sandali pa ay nagsasalo na sila sa isang masarap na tanghalian.

“Hmm. Sarap! Kuhang-kuha mo ang timplang gusto ko,” sabi niya sa pagitan ng pagnguya. Sunud-sunod ang subo niya samantalang ito ay panaka-nakang tumitingin sa kanya. “May dumi na naman sa mukha ko?” Bigla siyang na-conscious.

“Wala. Parang isang taon kang hindi pinakain, eh,” kantiyaw nito sa kanya.

Hindi niya nakontra ang sinabi nito dahil puno na ulit ang bibig niya. Inirapan niya lang ang binata at nagpatuloy sa pagkain.

“Dahil sa pagiging workaholic mo, kailangan mo ng tagahatid ng pagkain. Baka kasi hindi pa natatapos ang isang taon mo dito ay buto’t balat ka na.”

“OA lang. Give me one year to adjust.” Inisang-lagok niya ang dala nitong lemon juice.

Kumuha siya ng table napkin sa supot na pinaglagyan nito ng pagkain. Pinunasan niya ang paligid ng bibig. Pagkatapos ay ito naman ang inabot niya para punasan.

Nagulat man ito sa ginawa niya ay hindi niya iyon napansin. Walang malisya sa kanya ang pagiging close nila ni JR. Hindi lang kasi niya ito kababata. Magiging brother-in-law niya rin ito kung sakali.

---

“Para kang halimaw kung kumain, Attorney Cerna.” Sinubukan ni JR na palisin ang namumuong tension sa kalooban. Isang matalim na tingin ang ibinigay sa kanya ni Diane. “Ako na.”

Di na nakatiis, kinuha niya mula sa dalaga ang hawak nitong napkin. Kung alam lang sana ni Diane kung gaano kahirap para sa kanya ang pigilan ang sarili na kabigin ito at yakapin nang mahigpit ngayon.

“Nailang ka pa sa ’kin? Sakaling ikasal kami ng Kuya Louis mo ay hindi na lang kita best friend. Magiging parte na ako ng pamilya ninyo.”

Pinilit ni JR na bantayan ang emosyon, natatakot na masalamin ni Diane sa mga mata niya ang sakit na naramdaman. Siya na yata ang pinakamagaling magtago ng tunay na damdamin pagdating sa babaeng ito. Kung artista lang siya, malamang nanalo na siya ng award na best actor.

“You don’t give up, do you?”

“I want my life to be like a fairytale.”